EMPLOYMENT ONTARIO
Ontario's employment & training network

Ontario

Ang Programa para sa Karunungan sa Pagbasa at Pagsulat at Kabihasnan na Pangunahin

Ang Programa para sa Karunungan sa Pagbasa at Pagsulat at Kabihasnan na Pangunahin (Literacy and Basic Skills Program ~LBS~) ng Pamahalaan ng Ontario ay nagbibigay ng mga serbisyo sa karunungan sa pagbasa at pagsulat, karunungan sa mga numero at mga kabihasnan na pangunahin para tulungan ang mga tao makamtan ang kanilang mga hangarin na may kaugnayan sa mas mahigit na pinag-aralan o pagsasanay, sa trabaho o sa karagdagang independensiya.

Ano ang mga serbisyong maaring kunin?

Ang mga serbisyo ng Programa para sa Karunungan sa Pagbasa at Pagsulat at Kabihasnan na Pangunahin ay binibigay na walang bayad sa mga nag-aaral at ang pokus ay para sa mga taong may kabihasnan ng pangunahin sa pagbasa, pagsulat, sa mga numero na mas mababa sa kapantay ng Gradong 9 ng Kurikulum ng Ontario. Ang mga serbisyo ay inaalok sa mga lokal na iskulbord, mga ahensiya sa komunidad at sa mga Kolehiyo ng mga arte at teknolohiya.

Ang mga tao ay makakatanggap ng tulong sa pagpapaliwanag ng kanilang mga hangarin at sa pagbuo ng isang plano sa pagtuturo para makamtan nila and kanilang mga hangarin. Ang pagtuturo ay maaring makuha sa pamamagitan ng mga ilang paraan: may mga nagtuturo sa isang tao lamang, sa mga maliit na grupo or sa kuarto ng eskuwela.

Kung gusto ng tao na makamtan niya ang mga karunungan sa teknolohiya, ang pagsasanay ay puwede ring kasama ang paggamit ng kompyuter. Sa pamamagitan ng mga kolehiyo, ang Programa para sa Karunungan sa Pagbasa at Pagsulat at Kabihasnan na Pangunahin ay nagbibigay din ng serbisyo para itaas ang titulo ng tao at makatulong sa kanila na masanay sila sa mga karunungang kailangan para makapasok sa edukasyon at programa ng pagsasanay sa kolehiyo pagkatapos ng pag-aaral sa mataas na pamantasan (kagaya ng aprentis).

Sino ang puweding sumali?

Ang Programa para sa Karunungan sa Pagbasa at Pagsulat at Kabihasnan na Pangunahin ay bukas sa mga taong hindi nag-aaral at ang mga puweding magsalita ng English o Franses. Mayroong espesyal na pagpapahalaga sa paglilingkod sa mga taong tumatanggap ng tulong sosyal sa pamamagitan ng Gawain ng Ontario (Ontario Works).

Para siguraduhin ang pangangailangan ng karunungan sa pagbasa at pagsulat ng mga nag-aaral na nagmumula sa iba't ibang salita at kultura, ang mga serbisyo ng Programa para sa Karunungan sa Pagbasa at Pagsulat at Kabihasnan na Pangunahin ay tumutulong sa mga programa para sa mga nag-aaral na Ingles, Bingi, Franses at Katutubo.

Papano ko magagamit ang serbisyo?

Ang mga serbisyo ng Programa para sa Karunungan sa Pagbasa at Pagsulat at Kabihasnan na Pangunahin ay inaalok ng mga higit sa dalawang daang ahensiya sa mga tatlong daang lugar sa buong probinsya.

1-800-387-5656
(416) 326-5656 (Toronto)

www.ontario.ca/employmentontario

ISBN 1-4249-2456-1